# 16 na Hakbang Para sa Isang Malusog na Tahanan

## Panatilihing walang peste — Huwag silang bigyan ng pagkain, tubig o tirahan

1 Linisin ang sebo, tira-tirang pagkain at alikabok mula sa inyong bahay araw-araw



2 Ilagay ang pagkain sa garapon o hindi kinakalawang na lalagyan



3 Ilagay ang basura sa lalagyang may masikip na takip at ilabas ang basura mula sa inyong bahay araw-araw



4 Sa halip na gumamit ng nakalalasong mga *spray*, patapalan sa inyong *landlord* ang mga pinapasukan ng peste at gumamit ng pamain o *gel*



5 Itago ang mga kinakailangan lamang at iimbak ang mga kagamitan sa *plastic containers* at iimbak na 6 na pulgada ang taas mula sa sahig. Sa halip, kayo ay naglalaan ng tirahan para sa mga peste



6 Huwag mag-uwi ng kasangkapang napulot sa daan upang maiwasan makapag-uwi ng mga surot



7 Upang patayin ang mga surot, patuyuin ang mga segundamanong damit sa mataas na temperatura ng kalahating oras.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 311


Binuo ng: Children's Environmental Health Promotion Program
San Francisco Department of Public Health 2024

# Panatilihing walang amag at dumi ang hangin ng inyong tahanan

**8** Buksan ang mga exhaust fans o ang mga bintana habang nagluluto at naliligo



**9** Punasan o gamitan ng squeegee ang mga dingding ng banyo matapos maligo



**10** Buksan ang mga bintana ng hindi bababa sa limang minuto kada araw upang maalis ang kahalumigmigan i pamamasa



**11** Ilagay ang mga kasangkapan sa bahay gaya ng kabinet nang di bababa sa 6 na pulgadang layo sa mga dingding



**12** Gumamit ng mga produktong panlinis na hindi matapang tulad ng *baking soda* at suka imbes na pangkula (*bleach*)




**13** Atasan ang mga nanlnigarilyo na lumayo ng hindi bababa sa 15 talampakan mula sa alinmang mga bintana at pinto



**14** Panatilihing nakakonekta ang *smoke* at *carbon monoxide alarm* at siguraduhing ipasuri ang mga ito sa inyong *landlord* kada taon



**15** Makipagtulungan sa inyong mga kasambahay na gawin ang mga hakbang na ito patungo sa malusog na tahanan. Magtalaga ng mga tungkulin



**16** Ipaalam agad sa inyong *landlord* sakaling may peste, sirang pintura, lupang walang takip, tulo, o iba pang suliranin sa seguridad. Tumawag sa 311 kung mayroong komplikasyong hindi naituwid

